Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
Online ISSN: 3082-5121
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

# Pagsusuri sa mga Salik na Nakaaapekto sa Kakayahan sa Wikang Filipino ng mga Mag-Aaral

John Ridan D. Dechusa [1], Yvonne M. Mordeno [2], Mikael Anthony Abulencia [3], Daniel Clark Amante [4], Aeon Beluan [5], Lorenz Mikael Bunghanoy [6], Celest Aiyanna Dabalos [7], Celest Aiyanna Dabalos [8] Lance Samuel Joyohoy [9], James Albert Pagaura [10], Ierah Vera Pitogo [11], Breiane Angelique Suarez[12]
1 − Philippine Science High School – Caraga Region Campus

Publication Date: August 7, 2025 DOI: 10.5281/zenodo.16833175

**Abstract**

Layunin ng pananaliksik na ito na tukuyin ang mga salik na nakaaapekto sa kasanayan sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 7 at 8 ng PSHS-CRC, kabilang ang unang wika, motibasyon, pagkabalisa sa wika, at pagkakalantad sa mass media. Gumamit ito ng quantitative na disenyo gamit ang apat na validated Likert-scale questionnaires (Cronbach alpha: 0.89–0.95). Pinili ang mga kalahok sa pamamagitan ng Slovin's Formula at random sampling, habang tinasa ang kasanayan sa Filipino batay sa inulat na grado (GWA). Ipinakita ng pagsusuri gamit ang deskriptibong estadistika, Kruskal-Wallis H test, at Mann-Whitney U test na ang motibasyon ang may pinakamalaking impluwensya sa kasanayan sa Filipino, habang banayad ang epekto ng pagkabalisa. Walang makabuluhang ugnayan ang unang wika at media exposure. Iminumungkahi ng pag-aaral na bigyang-pansin ang mga panloob na salik sa pagpapaunlad ng kasanayan sa Filipino.

**Keywords:** *Kasanayan sa Filipino, Motibasyon, Pagkabalisa sa Wika, Unang Wika, at Pagkakalantad sa Mass Media*

## INTRODUCTION

Ang kakayahan sa wika ay isang kasanayang may malaking epekto sa akademikong pagganap at panlipunang integrasyon ng isang estudyante. Sinabi sa pag-aaral (Devi, 303) na ang kakulangan sa kasanayan sa wika ay maaaring magdulot ng mga hadlang sa mabisang komunikasyon at pakikilahok sa mga kapaligirang pang-akademiko. Ang kakulangan ng kasanayan sa paggamit ng wika sa mga mag-aaral ay may epekto sa kanilang akademikong pagganap (Bernal et al., 307).

Sa isang pag-aaral na isinagawa nina Somblingo at Ricohermoso, natuklasan na ang antas ng kakayahan ng mga estudyante sa paggamit ng kanilang pambansang wika ay hindi pa ganap na matatag. Sa pagtugon sa mga hamon na nararanasan ng mga estudyante sa pagkatuto ng wika, sinabi nina (Bernal et al., 307) na ang kasalukuyang estado ng wikang Filipino sa bagong henerasyon ay unti-unting bumababa, at nawawala rin ang interes ng mga estudyante. Sa halip na gamitin ito, may tendensya ang mga estudyante na pabayaan ang wikang Filipino at gumamit ng ibang wika.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

Sa konteksto ng Pilipinas, kung saan ang Filipino ay nagsisilbing pambansang wika at isang midyum ng pagtuturo sa iba't ibang institusyong pang-edukasyon, mahalaga ang kasanayan sa wikang Filipino para sa mabisang komunikasyon at pakikilahok sa pambansang diskurso. Ang kakayahan ng mga estudyante na umunawa, magsalita, magbasa, at sumulat sa Filipino ay maaaring makaapekto hindi lamang sa kanilang tagumpay sa pang-akademikong bahagi kundi pati na rin sa kanilang kumpiyansa at pakikisalamuha sa kapwa at sa lipunan. Sa gayon, mahalagang maunawaan ang mga salik na nakakaapekto sa kakayahan sa wikang Filipino para sa mga guro, mga *policymakers*, at mga *stakeholder* sa sistemang pang-edukasyon.

Sa kabila ng mahalagang papel ng wikang Filipino sa edukasyon sa Pilipinas, marami pa ring mga estudyante sa Philippine Science High School - Caraga Region Campus (PSHS-CRC), lalo na ang mga nasa *foundation years* (Baitang 7 at 8), ang patuloy na nahihirapan sa pagiging bihasa at hindi pa sanay sa mabisang paggamit nito. Mahalaga ang kasanayan sa Filipino para sa tagumpay sa akademiko, dahil nagbibigay-daan ito sa mga estudyante na maunawaan ang mga aralin, makilahok sa mga talakayan, at magamit nang epektibo ang mga materyal na pang-edukasyon. Bukod dito, ang malakas na kasanayan sa wika ay nagpapalakas ng panlipunang integrasyon, na nagpapahintulot sa mga estudyante na makabuo ng relasyon sa kanilang komunidad.

Gayunpaman, sa kabila ng kahalagahan nito, maraming mag-aaral ang nakararanas ng mga hamon na humahadlang sa kanilang kakayahang makamit ang kahusayan sa Filipino. Binanggit ni (Tana, 1) na ayon kay Yadav, ang mga salik tulad ng kakulangan ng pagkakalantad sa wika sa sariling tahanan, pag-asa sa wikang Ingles bilang pangunahing daluyan ng komunikasyon sa mga pang-akademikong tagpo, at magkakaibang antas ng motibasyon ay nag-aambag sa isyung ito. Bilang resulta, may mahalagang pangangailangan na siyasatin ang mga pangunahing sanhi ng mga suliraning ito ukol sa kakayahan sa wikang Filipino sa mga estudyante. Mahalaga ang pag-unawa sa mga salik na ito upang makabuo ng mga interbensyon na maaaring mapahusay ang kasanayan sa wika at matulungan ang mga mag-aaral na mapagtagumpayan ang mga hamon kaugnay ng kanilang kakayahan sa wikang Filipino.

Samantala, ang ugnayan sa pagitan ng mga baryabol na makapag-iisa at ang baryabol na di makapag-iisa, na siyang kasanayan sa wikang Filipino ng mga estudyante, ay maaaring matukoy sa pamamagitan ng iba't ibang pag-aaral na nagpapakita ng relasyon sa pagitan ng mga salik na ito. Ipinapakita ng pananaliksik ang isang matibay na positibong ugnayan sa pagitan ng motibasyon at kasanayan sa wika. Sa pag-aaral ni Tana, natuklasan nito na ang motibasyon ay may malaking impluwensya sa pagkatuto ng wikang Filipino, kung saan ang mga estudyanteng may mas mataas na antas ng motibasyon ay nagpapakita ng mas mahusay na resulta sa kasanayan. Ito ay kaayon ng mga natuklasan mula kina Bautista et al., na binanggit ni (Bernal et al., 311), na nagpapakita na ang mga estudyanteng may positibong motibasyon ay nagtataglay ng mas mataas na kasanayan sa kanilang pangalawang wika kumpara sa mga walang motibasyon.

Dagdag pa, ang relasyon sa pagitan ng "*language anxiety*" o pagkabalisa at kasanayan sa wika ay karaniwang negatibo. Ang mga estudyanteng nakakaranas ng mataas na antas ng pagkabalisa sa paggamit ng wika ay may tendensiyang iwasan ang pagsasalita o pagsusulat sa wika, na maaaring magdulot ng mas mababang antas ng kasanayan (Kondo, 129-136). Binibigyang-diin ng pag-aaral ni (Ariaso, 8214) na ang mga saloobin ng estudyante sa pagkatuto ng Filipino, kabilang ang antas ng pagkabalisa, ay direktang nakakaapekto sa kanilang pagganap sa mga pagsusuri sa wika.

Bukod pa rito, ang naunang pagkakalantad sa wikang Filipino o kaugnay na mga wika ay may positibong ugnayan sa kasanayan. Ang mga estudyanteng nalantad sa wikang Filipino noong elementarya

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

at sa kanilang tahanan ay maaaring magpakita ng positibong ugnayan sa kanilang kasanayan sa wika. Ayon sa pag-aaral ni (Tana, 5), itinuturing ng mga estudyante na ang unang wika ay isang mahalagang salik sa maraming pagkakataon. Kadalasan, ginagamit ng mga estudyante ang kanilang unang wika bilang pangunahing paraan ng komunikasyon sa tahanan at sa paaralan. Dagdag pa rito, binanggit sa papel na ang mga estudyanteng sanay sa paggamit ng kanilang unang wika ay mas madaling nakauunawa ng mga tanong, panuto, at direksyon ng guro at mas mahusay na nakikipag-usap sa kanilang mga kaklase. Binanggit din ni (Tana, 6) na ang pagkakaroon ng mahusay na kasanayan sa unang wika ay makatutulong sa mga estudyante sa pagkatuto ng pangalawang wika tulad ng Filipino.

Isang pag-aaral (Abuel et al., 1-14) na naglalayong suriin ang epekto ng *visual media* sa kasanayan sa gramatika ng mga mag-aaral sa *junior high school* ay nakatuklas ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagkakalantad sa *visual media* at kasanayan sa gramatika sa Filipino. Ipinakita ng pananaliksik na ang mga estudyanteng nakikilahok sa mga media na naaangkop sa kanilang edad at may kinalaman sa edukasyon, tulad ng mga pelikula na may *subtitle* at mga *educational video*, ay nagpakita ng pagbuti sa kawastuhan ng gramatika, pagtamo ng bokabularyo, pag-unawa, at pamamalagi ng mga konseptong pang-gramatika. Ipinapahiwatig nito na ang *visual media* ay hindi lamang nagpapataas ng interes kundi nagtataguyod din ng mas malalim na pag-unawa sa wika, na humahantong sa mas mataas na antas ng kasanayan sa Filipino.

Sa kabilang dako, isang pag-aaral ni (Gabayoyo, 776-788) na nakatuon sa pagkakalantad sa *mass media* ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ay nagpakita na ang mas mataas na antas ng pagkakalantad sa media ay nauugnay sa pinahusay na kasanayan sa wikang Filipino. Binibigyang-diin ng pananaliksik na ang mga estudyanteng madalas gumamit ng iba't ibang uri ng *media*, kabilang ang telebisyon at iba pang digital na plataporma, ay nagpakita ng mataas na antas ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa at paggamit ng bokabularyo. Ipinapahiwatig ng ugnayang ito na ang regular na pakikipag-ugnayan sa media na nasa wikang Filipino ay maaaring mapahusay ang kasanayan sa wika ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga kontekstwal na halimbawa at praktikal na aplikasyon ng wika.

Bagama't ang mga umiiral na pag-aaral ay nagbibigay ng mahahalagang kaalaman tungkol sa ugnayan sa pagitan ng mga salik na ito at ang kasanayan sa wikang Filipino, karamihan sa mga pag-aaral na ito ay nakatuon sa kasanayan sa wikang Ingles at kadalasang hindi nabibigyang-pansin ang kahalagahan ng wikang Filipino sa mga kontekstong pang-akademiko. Bukod dito, may kakulangan sa mga pag-aaral na naglalarawan ng mga salik na nakaaapekto sa pag-unlad ng kasanayan ng mga estudyante sa paggamit ng wikang Filipino sa komunikasyong pang-akademiko. Wala pang pag-aaral na isinagawa na nag-iimbestiga kung alin sa mga salik na ito ang may direktang epekto sa antas ng kasanayan ng mga iskolar ng *PSHS-CRC* sa wikang Filipino. Bagama't may ilang mga pagtatasa tungkol sa kasanayan ng mga estudyante sa paggamit ng wikang Filipino sa komunikasyong pang-akademiko, nananatiling kulang ang mas malalim na pagsusuri sa mga salik na maaaring makaapekto sa kanilang kabuuang kasanayan. Bilang tugon, ang papel-pananaliksik na ito ay naglalayong mag-ambag pa sa umiiral na kaalaman tungkol sa mga salik na nakaaapekto sa kasanayan sa wika ng mga estudyante. Samakatuwid, ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa wikang Filipino, partikular sa mga iskolar ng PSHS-CRC sa kanilang *foundation years*.

Iba't ibang kurikulum ang naipatupad na naglalayong isulong ang pag-aaral ng mga estudyante sa iba't ibang wika at panitikan, ngunit nananatiling limitado ang pakikilahok sa panitikang Filipino (Ba-ad et al.). Alinsunod sa mandato ng Artikulo XIV Seksiyon 7 ng Saligang Batas ng 1987, na nagtatakda sa Filipino bilang isa sa mga opisyal na wika ng Pilipinas, at sa *Deped Order 52, S. 1987 – 'THE 1987 POLICY ON BILINGUAL EDUCATION*,' ang mga institusyon ay kinakailangang maghangad na makatanghal ng mga estudyanteng may kasanayan sa parehong Ingles at Filipino, at tiyakin ang pagpapalaganap ng Filipino bilang isang wikang pang-literasiya, ang pagpapaunlad ng Filipino bilang isang wika ng diskursong

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

akademiko, at ang patuloy na intelektwalisasyon nito sa iba't ibang antas ng pag-aaral. Batay sa mga legal na balangkas na ito, may pangangailangan para sa isang balanseng edukasyong bilinggwal na nagtataguyod ng kasanayan sa parehong wika, na tinitiyak na ang Filipino ay hindi lamang ipinapalaganap bilang isang wikang pang-literasiya kundi pati na rin bilang isang wikang akademiko at intelektwal. Gayunpaman, maraming estudyante, lalo na ang mga nasa *foundation years* ng pag-aaral, ang lalong nawawalan ng pamilyaridad sa paggamit ng Filipino at mas pinipili ang Ingles o iba pang wika dahil sa nakikitang katanyagan o praktikalidad nito. Kaya naman, ang pag-aaral na ito ay napapanahon at mahalaga sapagkat layunin nitong matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa kasanayan sa wikang Filipino ng mga estudyante, at sa huli, makatutulong ito sa pagbuo ng mas epektibong estratehiyang pang-edukasyon na nakaayon sa mga konstitusyunal na mandato at nagtataguyod ng mas malalim na pagpapahalaga sa wikang pambansa.

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang mga salik na nakaaapekto sa kasanayan sa wikang Filipino ng mga mag-aaral, na partikular na tumutuon sa mga ugnayan sa pagitan ng iba't ibang *independent* na baryabol—motibasyon, pagkabalisa, unang wika, at pagkakalantad sa *mass media*—at ang kanilang kabuuang kasanayan sa wikang Filipino. Layunin nitong magbigay ng komprehensibong pag-unawa kung paano nakaaapekto ang mga salik na ito sa kakayahan ng mga estudyante na epektibong makipagkomunikasyon sa Filipino.

Ang mga sumusunod na tiyak na layunin ay binuo. Una ay naglalayon ang papel-pananaliksik na ito na tukuyin ang antas ng kasanayan sa wikang Filipino ng mga estudyante sa mga *foundation years* (Baitang 7 at 8) ng sekondaryang edukasyon. Ikalawa, matukoy ang antas ng pananaw ng mga mag-aaral sa mga salik na nakaaapekto sa kanilang kasanayan sa wikang Filipino. Ikatlo, matukoy at masuri ang mga ugnayan sa pagitan ng mga salik na ito (motibasyon, pagkabalisa sa wika, unang wika, pagkakalantad sa *mass media*) at ang kasanayan sa wikang Filipino. Panghuli, matukoy kung aling salik ang may pinakamalaking impluwensya sa kasanayan sa wikang Filipino ng mga mag-aaral.

Ang haypotesis ay susukatin sa .05 lebel ng signipikans na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga *independent* na baryabol (motibasyon sa pagkatuto, pagkabalisa sa wika, unang wika, pagkakalantad sa *mass media*) at ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino.

Ang pangunahing teorya na may kaugnayan sa *dependent* na baryabol, na siyang kasanayan sa wikang Filipino ng mga mag-aaral, ay maaaring masalalay sa *Input Hypothesis* na binuo ni Stephen Krashen noong 1985 (Krashen, 1-22). Sinasabi ng teoryang ito na ang mga nag-aaral ng wika ay epektibong nakatuto nito kapag sila ay nahaharap sa '*comprehensible input*' na bahagyang lampas sa kanilang kasalukuyang antas ng kasanayan. Ang ganitong uri ng *input* ay mahalaga para sa pagkatuto ng wika upang lubos na maunawaan ng mga nag-aaral ang bagong bokabularyo at istrukturang gramatikal sa konteksto. Ang koneksyon sa pagitan ng *Input Hypothesis* at kasanayan sa wika ay nasa pananaw na ang epektibong pagkatuto ng wika ay nangyayari sa pamamagitan ng makahulugang pagkakalantad sa wikang naiintindihan ngunit bahagyang mas mataas sa antas ng mag-aaral. Ang mga estudyanteng regular na nakararanas ng *comprehensible input*—sa pamamagitan ng pagbabasa, pakikinig, at pakikipag-ugnayan—ay nagpapakita ng makabuluhang pag-unlad sa kanilang kasanayan sa wika.

Bilang sekondaryang teorya, iminungkahi rin ni Krashen ang *Affective Filter Hypothesis* (Du, 162-164). Ang komplementaryong haypotesis na ito ay nagsasaad na ang mga salik na emosyonal tulad ng pagkabalisa, motibasyon, at kumpiyansa sa sarili ay maaaring makaapekto sa pagkatuto ng wika. Ang mababang *affective filter*—na nailalarawan ng positibong emosyonal na estado—ay nagpapadali sa mas mahusay na pag-unawa at pagtanggap ng *language input*. Kapag ang mga nag-aaral ay nakararanas ng negatibong emosyon—tulad ng pagkabalisa, stress, pagkabagot, o kawalan ng motibasyon—ang kanilang *affective filter* ay tumataas, na nagpapahirap sa kanila na maproseso ang *comprehensible input*. Sa

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

kabaligtaran, kapag ang mga nag-aaral ay nakararamdam ng seguridad, motibasyon, at kumpiyansa, ang kanilang *affective filter* ay bumababa, na nagpapahintulot sa mas maraming *input* na makarating sa kanilang *language acquisition mechanisms*. Binibigyang-diin ng teoryang ito na para maging epektibo ang pagkatuto ng wika, mahalagang hindi lamang magbigay ng *comprehensible input* (wika na nauunawaan ng mga nag-aaral) kundi lumikha rin ng isang suportadong emosyonal na kapaligiran. Kung ang mga nag-aaral ay nasa mataas na antas ng pagkabalisa o mababang motibasyon, kahit ang de-kalidad na input ay maaaring hindi epektibong maiporseso.

Ang *Cognitive Academic Language Proficiency (CALP) theory* na binuo ni Jim Cummins ay nagsasaad na kailangang magkaroon ng matibay na pundasyon ang mga mag-aaral sa kanilang unang wika upang mapadali ang pagkatuto ng pangalawang wika, na sa pag-aaral na ito ay Filipino. Ipinapakita ng teoryang ito na ang kasanayan sa unang wika ng isang mag-aaral ay may malaking kontribusyon sa kanilang kakayahang epektibong matutunan ang pangalawang wika. Ang batayang prinsipyo nito ay ang matibay na kaalaman sa unang wika ang nagbibigay-daan sa mas mahusay na pag-unawa sa mga akademikong nilalaman ng pangalawang wika, kaya't napapabuti ang pangkalahatang pagganap sa akademiko. Sa konteksto ng kasanayan sa wikang Filipino, ipinahihiwatig ng CALP na ang mga mag-aaral na may matibay na pundasyon sa kanilang unang wika ay mas handang maunawaan ang mga detalye ng Filipino, lalo na pagdating sa akademikong diskurso (Cummins, 71-83). Isang pag-aaral na isinagawa sa mga mag-aaral sa sekondaryang edukasyon ang nagpakita na ang kanilang pananaw sa kanilang etno-lingguwistikong pinagmulan at dating kaalaman ay may malaking epekto sa kanilang antas ng kasanayan sa Filipino (Tana, 4-5).

Batay sa *Input Hypothesis* ni Krashen, binibigyang-diin ng teoryang ito na ang *mass media* ay maaaring magsilbing mapagkukunan ng '*comprehensible input*' para sa mga nag-aaral ng wika. Kapag ang mga nag-aaral ay nahaharap sa nilalaman ng *media* na bahagyang mas mataas sa kanilang kasalukuyang antas ng kasanayan, mas epektibo nilang matutunan ang bagong bokabularyo at mga istrukturang gramatikal. Nagbibigay ng eksposyur ang *mass media* sa tunay na paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto, kabilang ang mga kolokyal na ekspresyon at mga idyomatiko. Ang ganitong uri ng *authentic input* ay mahalaga sapagkat ito ay nagpapakita ng mga *pattern* ng komunikasyon sa tunay na buhay, na nagpapalawak sa kanilang pag-unawa at kakayahan na gamitin ang wika sa praktikal na mga sitwasyon. Halimbawa, ang panonood ng isang pelikula o palabas sa telebisyon na Filipino ay nagpapakita kung paano ginagamit ang wika sa pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan, na nakatutulong na maunawaan hindi lamang ang bokabularyo kundi pati na rin ang tamang konteksto para sa paggamit ng ilang mga parirala o ekspresyon.

## METHODOLOGY

### Pamamaraan ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwantitatibong pananaliksik na may deskriptibo-korelasyonal na disenyo. Ang pamamaraang ito ay angkop para matukoy ang ugnayan sa pagitan ng mga "independent" variable gaya ng motibasyon, pagkabalisa sa wika, unang wika, at pagkakalantad sa mass media, at "dependent" variable na kasanayan sa wikang Filipino. Pinili ang disenyong ito dahil nagbibigay ito ng sistematikong paraan upang masukat at suriin ang relasyon ng mga salik na nakakaapekto sa kasanayan sa wika. Ang talatanungan na ibinigay sa mga respondente ay naglaman ng mga sumusunod na baryabol:

**Profile ng mga Mag-aaral (Independent na baryabol).** Baitang, seksyon ng mag-aaral, at ang kanilang sagot sa talatanungan sa motibasyon, pagkabalisa sa wika, unang wika, at pagkakalantad sa mass media.
**Performance ng mga Mag-aaral (Dependent na Baryabol).** Marka sa filipino.

**Pagkuha ng Datos**

Ang populasyon ng pag-aaral ay binubuo ng lahat ng mag-aaral sa foundation years (Baitang 7 at 8) ng Philippine Science High School - Caraga Region Campus (PSHS-CRC) para sa akademikong taon 2024-2025, na may kabuuang bilang na 240 mag-aaral. Ginamit ang Slovin's Formula para matukoy ang kinakailangang sample size na may 5% margin of error, na nagresulta sa 150 respondente. Ang mga respondente ay pinili gamit ang stratified random sampling upang matiyak ang representasyon mula sa parehong baitang at iba't ibang seksyon, na nagbibigay ng mas balanseng distribusyon ng sample.

Ang mga datos ay sinuri gamit ang mga sumusunod na estadistikal na pamamaraan:

***Descriptive Statistics.*** *Para mailarawan ang pangkalahatang antas ng motibasyon, unang wika, pagkabalisa sa wika, at pagkakalantad sa mass media ng mga respondente sa bawat focus group (Excellent, Vergy Good, Fair, Needs Improvement) gamit ang mean, median, at standard deviation.*

***Kruskal-Wallis H Test.*** *Para matukoy kung may makabuluhang pakakaiba sa antas ng motibasyon, unang wika, pagkabalisa sa wika, at pagkakalantad sa mass media sa pagitan ng apat na focus group ng mga respondente, kung saan hindi normal ang distribusyon ng datos.*

***Mann-Whitney U Test.*** *Para matukoy kung alin sa mga pares ng focus group (Excellent vs Very Good, Excellent vs Fair, atbp.) ang may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng motibasyon at pagkabalisa sa wika, bliang post-hoc analysis matapos lumabas na may kabuuang pagkakaiba sa Kruskal-Wallis Test.*

**Pagtugon sa Etikal na Pamantayan**

Ang pag-aaral ay isinagawa nang may mahigpit na pagsunod sa mga etikal na pamantayan. Tinitiyak ang kumpidensyalidad sa pamamagitan ng pag-iingat sa lahat ng personal na impormasyon at paggamit lamang nito para sa layunin ng pag-aaral. Ang partisipasyon ng mga respondente ay ganap na boluntaryo at may kalayaan silang umatras anumang oras nang walang anumang negatibong konsekwensya. Ipinagbawal ang anumang uri ng pisikal o sikolohikal na panganib sa mga respondente, at ang lahat ng ginamit na literatura at instrumento ay kinilala nang wasto ayon sa mga pamantayan ng akademikong integridad.

**Setting ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik ay isinagawa sa loob ng Philippine Science High School - Caraga Region Campus (PSHS-CRC). Ang PSHS-CRC ay pinili bilang lugar ng pag-aaral sapagkat ito ang institusyong nagtataglay ng mga estudyanteng kinakailangang suriin ang kanilang kasanayan sa wikang Filipino at ang mga salik na nakakaimpluwensya rito. Ito ay matatagpuan sa Brgy. Ampayon, Butuan City.

**Limitasyon ng Pag-aaral**

Limitado ang sangkop ng pag-aaral sa mga mag-aaral ng PSHS-CRC, na maaaring magbunga ng mga resulta na hindi maigeneralize sa ibang populasyon. Ang pagsuka sa kasanayan sa Filipino ay kanilang mga sagot ay kinuha nang *anonymous* bilang proteksyon at kaligtasan. Iniwasan din ng mga mananaliksik ang paggamit ng hindi kinakailangang negatibong salita, kilos, at asal na maaaring nakasama sa pananaliksik at sa mga respondente ng pag-aaral na ito.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

## RESULTS AND DISCUSSION

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng pagsusuri sa mga datos na nakalap upang matukoy ang ugnayan ng iba't ibang salik sa kasanayan sa wikang Filipino ng mga mag-aaral mula sa Baitang 7 at 8. Sa halip na gumamit ng korelasyon at regression analysis, isinagawa ang deskriptibong estadistika at mga non-parametric na pagsusuri gaya ng Kruskal-Wallis H test at Mann-Whitney U test upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba ng bawat salik sa pagitan ng mga antas ng akademikong pagganap batay sa GWA.

### Mga Talahanayan

**MOTIBASYON**

| Group | Sum of Ranks (Ri) | Number of Students (Ni) | (Ri^2/Ni) | Total (Ri^2/Ni) | H-Stat |
|---|---|---|---|---|---|
| Excellent | 2934 | 24 | 358681.5 | | |
| V. Good | 2822.5 | 64 | 124476.66 | 903942.73 | 74.39 |
| Fair | 3117 | 32 | 303615.28 | | |
| NI | 1711.5 | 25 | 117168.29 | | |

**PAGKABALISA SA WIKA**

| Group | Sum of Ranks (Ri) | Number of Students (Ni) | (Ri^2/Ni) | Total (Ri^2/Ni) | H-Stat |
|---|---|---|---|---|---|
| Excellent | 1998.5 | 24 | 166416.76 | | |
| V. Good | 4851.5 | 64 | 367766.44 | 788201.24 | 8.78 |
| Fair | 1736 | 32 | 94178 | | |
| NI | 1999 | 25 | 159840.04 | | |

**PAGKAKALANTAD SA MASS MEDIA**

| Group | Sum of Ranks (Ri) | Number of Students (Ni) | (Ri^2/Ni) | Total (Ri^2/Ni) | H-Stat |
|---|---|---|---|---|---|
| Excellent | 2188.5 | 24 | 199563.84 | | |
| V. Good | 4647.5 | 64 | 337488.38 | 784079.22 | 6.45 |
| Fair | 2184 | 32 | 149058 | | |
| NI | 1565 | 25 | 97969 | | |

**UNANG WIKA**

| Group | Sum of Ranks (Ri) | Number of Students (Ni) | (Ri^2/Ni) | Total (Ri^2/Ni) | H-Stat |
|---|---|---|---|---|---|
| Excellent | 1868 | 24 | 145392.67 | | |
| V. Good | 4693 | 64 | 344128.89 | 774418.92 | 0.97 |
| Fair | 2152 | 32 | 144722 | | |
| NI | 1872 | 25 | 140175.36 | | |

**MANN-WHITNEY U TEST (PAGKABALISA SA WIKA)**

| | U-Value | Group |
|---|---|---|
| **U1** | 686 | Excellent |
| **U2** | 850 | V. Good |
| **U1** | 240.5 | Excellent |
| **U2** | 527.5 | Fair |
| **U1** | 279 | Excellent |
| **U2** | 321 | NI |
| **U1** | 720 | V. Good |
| **U2** | 1328 | Fair |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

| | | |
|---|---|---|
| **U1** | 842.5 | V. Good |
| **U2** | 757.5 | NI |
| **U1** | 552.5 | Fair |
| **U2** | 247.5 | NI |

**MANN-WHITNEY U TEST (MOTIBASYON)**

| | **U-Value** | **Group** |
|---|---|---|
| **U1** | 609.5 | Excellent |
| **U2** | 926.5 | V. Good |
| **U1** | 297 | Excellent |
| **U2** | 471 | Fair |
| **U1** | 215 | Excellent |
| **U2** | 385 | NI |
| **U1** | 1033.5 | V. Good |
| **U2** | 1014.5 | Fair |
| **U1** | 783 | V. Good |
| **U2** | 817 | NI |
| **U1** | 379.5 | Fair |
| **U2** | 420.5 | NI |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

**Pigura 1**

Distribusyon ng mga Marka sa Filipino, S.Y. 2024-2025




Matapos ang pagsusuri sa mga datos mula sa isinagawang pagsusuri, ito ang mga natuklasan ng mga mananaliksik:

1. Sa 150 kalahok, karamihan ay may antas na good (40%) at very good (39.33%) sa Filipino batay sa GWA, na nagpapakitang lahat ay pumasa at may sapat hanggang mataas na kasanayan, na maaaring kaugnay ng kanilang pagganap sa paaralan at pagkatuto ng wika.
2. Nahati ang mga mag-aaral sa apat na kategorya: Excellent (1.00–1.25), Very Good (1.50–1.75), Good (2.00–2.25), at Needs Improvement (2.50–3.00) batay sa GWA.
3. May makabuluhang pagkakaiba sa motivation (H = 74.39) at language anxiety (H = 8.78) sa pagitan ng mga pangkat ng GWA. Walang makabuluhang pagkakaiba sa mother tongue (H = 0.97) at mass media exposure (H = 6.45).
4. Ang motivation ay pinakamataas sa Excellent group (average = 4.37, median = 4.72), na bumababa sa mga lower groups. Ang language anxiety ay mataas sa Excellent (3.48) at Needs Improvement (3.38) groups kumpara sa Very Good (3.12) at Good (2.67).
5. Wala namang malinaw na pagkakaiba sa paggamit ng mother tongue, ngunit bumaba ang mass media exposure kasabay ng pagbaba ng GWA; pinakamataas ito sa Excellent group (4.21).
6. Pinatutunayan ng FGD na mas madaling matuto ng Filipino ang may unang wika na Tagalog o katulad (hal. Bisaya), habang mas nahirapan ang may unang wikang Ingles.
7. Inilahad din sa FGD na ang mataas na language anxiety ay nagdudulot ng pag-iwas sa pakikilahok; kabaliktaran nito ang mga may mataas na kumpiyansa.
8. Bagamat walang makabuluhang ugnayan sa estadistika, sinabi ng mga mag-aaral na nakatulong ang exposure sa Filipino media sa pagpapalawak ng bokabularyo, ngunit limitado ang epekto sa mga mas exposed sa English media.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

9. Pinagsama ng kwantitatibo at kwalitatibong datos ang katibayan na ang motibasyon at emosyonal na kalagayan (language anxiety) ay may mas malaking papel sa kasanayan sa Filipino kaysa sa panlabas na salik (Ariaso, 8214; Kondo, 129-136; Tana, 1-12).
10. Hindi tumugma ang resulta sa mga pag-aaral nina Abuel et al. (1-14) at Gabayoyo (776-788), na nagsasabing mahalaga ang mass media exposure; iminumungkahi ng pag-aaral na higit na mahalagang bigyang-pansin ang panloob na salik upang mapabuti ang kasanayan sa Filipino.

Ipinakita ng pag-aaral na karamihan sa mga kalahok ay may sapat hanggang mataas na kasanayan sa Filipino batay sa GWA. Natuklasan na ang motibasyon at language anxiety ay may mas malakas na ugnayan sa pagganap sa Filipino kumpara sa mga panlabas na salik tulad ng mother tongue at mass media exposure. Mas mataas ang motibasyon at kumpiyansa sa mga mag-aaral na may mas mataas na marka, habang ang mataas na language anxiety ay nagdudulot ng pag-iwas sa pakikilahok. Bagamat naobserbahan ang benepisyo ng media exposure, mas mahalaga pa rin ang panloob na salik sa pagpapaunlad ng kasanayan sa wika.

## CONCLUSIONS

Batay sa isinagawang pag-aaral, napatunayan na ang unang wika at motibasyon sa pagkatuto ang may pinakamalaking impluwensya sa kasanayan sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa foundation years. Samantala, bagama't walang makabuluhang estadistikal na epekto ang language anxiety at mass media exposure, lumitaw sa mga kwalitatibong datos na mahalaga pa rin ang mga ito sa karanasang pansarili ng mga mag-aaral. Napag-alaman din na ang self-perception—gaya ng disiplina at tiwala sa sarili—ay mahalagang salik bagamat hindi tuwirang nasukat sa pag-aaral na ito. Ipinapahiwatig ng resulta na ang pagkatuto ng Filipino ay multidimensyonal: teknikal, sikolohikal, at sosyo-kultural, kaya't nangangailangan ito ng holistic na pagdulog mula sa mga guro, tagapamahala ng edukasyon, at mga magulang.

### Implikasyon

Ang mga natuklasang may makabuluhang epekto ang unang wika at motibasyon sa pagkatuto sa kasanayan sa wikang Filipino ay may mahahalagang implikasyon sa edukasyon at pagpapaplano ng kurikulum. Una, kinakailangang isaalang-alang ng mga guro at tagapagdisenyo ng kurikulum ang papel ng unang wika ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng Filipino. Ipinapahiwatig nito na maaaring mas epektibo ang mga estratehiya sa pagtuturo kung ito ay nakaangkla sa transisyon mula sa unang wika patungo sa Filipino sa halip na pilitin ang agarang paggamit ng akademikong Filipino, lalo na sa mga rehiyong may malakas na impluwensiya ng katutubong wika.

Ikalawa, ang motibasyon sa pagkatuto ay nagpapakita ng positibong kaugnayan sa kasanayan sa wika, kaya't nararapat lamang na bigyang-diin sa loob ng silid-aralan ang mga paraang nagpapalakas ng interes, layunin, at personal na ugnayan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Maaaring makamit ito sa pamamagitan ng mas makabuluhang mga aktibidad sa klase, proyekto na may kaugnayan sa kultura at pagkakakilanlan, at mga paraan ng pagtuturo na nagbibigay ng awtonomiya at tiwala sa mga mag-aaral.

Samantala, bagama't hindi naging makabuluhan sa estadistika ang mass media exposure at language anxiety, hindi nangangahulugang wala itong papel sa kasanayan sa wika. Sa katunayan, lumitaw sa mga kwalitatibong tugon ang pangangailangan ng mga mag-aaral ng mas istrukturadong input sa pamamagitan ng midya at suporta sa emosyonal na aspeto ng pagkatuto. Kaya't mainam na bigyang-pansin

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

ng mga tagapagturo ang positibong paggamit ng mass media bilang kasangkapan sa pagkatuto at ang paglikha ng ligtas at inklusibong kapaligiran sa pag-aaral upang mabawasan ang wikaing pagkabalisa.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng mga implikasyong ito na ang pagkatuto ng wikang Filipino ay hindi lamang teknikal kundi sikolohikal at sosyo-kultural, na nangangailangan ng holistic na pagdulog mula sa mga guro, tagapamahala ng edukasyon, at maging ng mga magulang upang mapabuti ang antas ng kasanayan ng kabataan sa sariling wika.

## RECOMMENDATIONS

Batay sa mga natuklasan ng pananaliksik na ito, inirerekomenda ang mga sumusunod para sa mga susunod na pag-aaral na naglalayong higit pang maunaisagawa ang mas malalim na pagsusuri sa pamamagitan ng comparative studies sa iba't ibang rehiyon o grupong etnolingguwistiko waan ang mga salik na nakaaapekto sa kasanayan sa Filipino ng mga mag-aaral:

1. Inirerekomenda ang pagsasagawa ng pag-aaral na may mas malaking *sample size* at mas malawak na demograpikong saklaw upang matukoy kung may iba pang salik, tulad ng lokasyon, antas ng edukasyon, o *socioeconomic status*, na maaaring makaapekto sa Filipino *language proficiency*.
2. Dahil may magkahalong pananaw ang mga mag-aaral tungkol sa epekto ng kanilang unang wika sa pagkatuto ng Filipino, maaaring upang masuri kung paano ito talagang nakaaapekto sa kasanayan sa Filipino.
3. Ipinakita ng FGD na may magkaibang pananaw ang mga mag-aaral hinggil sa epekto ng kanilang motibasyon at *anxiety* sa kasanayan sa Filipino. Dahil dito, maaaring magsagawa ng mas malalim na *qualitative study*, tulad ng *case studies* o *longitudinal research*, upang maunawaan kung paano nagbabago ang epekto ng mga salik na ito sa paglipas ng panahon.
4. Iminumungkahi ang integrasyon ng mga aktibidad sa klase na may kinalaman sa mga interes ng kabataan, kultura, at kontemporaryong isyu upang mapataas ang internal na motibasyon. Maaari ring gamitin ang goal-setting, peer collaboration, at recognition systems bilang paraan upang patatagin ang positibong saloobin sa pag-aaral ng Filipino.
5. Inirerekomenda na ang mga guro sa Filipino ay magdisenyo ng mga aralin at aktibidad na nagsisimula sa wika ng mga mag-aaral—ang kanilang unang wika—bilang tuntungan patungo sa akademikong Filipino. Ang paggamit ng mga estratehiyang translanguaging ay maaaring makatulong upang maibsan ang kakulangan sa kumpiyansa at upang mapalalim ang pag-unawa sa mga aralin.

Sa pamamagitan ng mga rekomendasyong ito, maaaring mapalalim pa ang pag-unawa sa mga tunay na salik na nakaiimpluwensiya sa kasanayan sa Filipino at makatulong sa pagbuo ng mas epektibong estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto ng wika.

## REFERENCES

Aclinen, Z., & Olesio, M. (2023). Antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 8. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3, 319–345. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.024

Ariaso, R. N. (2020). Factors of learning in Filipino and students' performance of secondary education in Eastern Visayas Philippines. *Journal of Archaeology of Egypt/Egyptology, 17*(7), 2243–2255. https://archives.palarch.nl/index.php/jae/article/view/2243

Ardoin, N. M., & Bowers, A. W. (2020). Early childhood environmental education: A systematic review of the research literature. Educational Research Review, 31, 100353. https://doi.org/10.1016/j.edurev.2020.100353

Ayon, A. J. O. (2019). *Isang pag-aaral sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa baitang 11 ng General Academic Strand sa wastong paggamit ng Wikang Filipinong Our Lady of Fatima University sa kasanayan sa pakikipagtalastasan* [Unpublished thesis]. Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela. https://www.academia.edu/38878530

Bahrani, T., Sim, T. S., & Nekoueizadeh, M. (2014). Authentic language input through audiovisual technology and second language acquisition. SAGE Open, 4(3), 1–10. https://doi.org/10.1177/2158244014550611

Dikmen, M. (2021). EFL learners' foreign language learning anxiety and language performance: A meta-analysis. International Journal of Contemporary Educational Research, 8(3), 206–222. https://doi.org/10.33200/ijcer.908048

Department of Education. (1987). DO 52, s. 1987 – The 1987 policy on bilingual education. https://www.deped.gov.ph/1987/05/21/do-52-s-1987-the-1987-policy-on-bilingual-education

Esman, E. N., Sumalinog, G. G., Sabellano, M. A., & Caballero, P. T. (2021). Social media exposure and English writing proficiency of Grade 11 students in a Philippine public high school. Technium Social Sciences Journal, 20, 212–232. https://doi.org/10.47577/tssj.v20i1.3001

Falcasantos, A. J., Dela Cruz, R., & Reyes, M. (2024). Mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mag-aaral sa asignaturang Filipino. American Research Journal of Humanities and Social Sciences, 8, 109–120. https://www.researchgate.net/publication/379809566

Gabayoyo, A. B. (2023). Mass media exposure and skills in Filipino language of sixth grade pupils. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 15(8), 776–788. https://doi.org/10.5281/zenodo.10380897

Kiruthiga, E., & Christopher, G. (2024). Motivation in second language acquisition: Theoretical insights and practical strategies. Fractals of Knowledge. https://www.researchgate.net/publication/382002548

Napil, M., & San, A. (2020). Beliefs and strategies in Filipino language learning and academic performance of indigenous students. International Journal of Educational Policy Research and Review, 7(5), 137–145. https://doi.org/10.15739/ijeprr.20.017

Piniano, V. S. (2024). Estilo ng pagtuturo ng mga guro sa asignaturang komunikasyon at pananaliksik sa wika at kulturang Filipino at ang antas ng aktibong motibasyon ng mga mag-aaral sa pribado at pampublikong mataas na paaralan sa Lungsod ng Trece Martires [Unpublished dissertation]. E-Journals PH. https://ejournals.ph/article.php?id=24342

Quinto, E. J. M., Ong, A. K. S., Valiente, L. F. L., Olleres, L. J. B., Pinugu, J. N. J., Gaerlan, M. J. M., & Castillo, J. C. D. (2023). Exploring the motivations and emotions of Filipino learners of languages other than English: A structural equation modelling approach. International Journal of Multilingualism. Advance online publication. https://doi.org/10.1080/14790718.2023.2224010

Somblingo, R., & Ricohermoso, C. (2019). First language and second language proficiency: A case of Bisaya learners. SINTE 8, 31(3), 473–475. https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=3621555

Tana, N. R. (2021). Factors influencing the level of Filipino language proficiency among secondary students. Interdisciplinary Journal of Applied and Basics Subjects, 1(2), 1–15. https://identifier.visnav.in/1.0002/ijabs-21j-30001

Tomas, D., Mangaoil, R., & Bautista, J. (2022). Pagkatuto ng mga mag-aaral na Kankanaey ng Wikang Filipino bilang pangalawang wika. International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies, 2(11), 1–12. https://www.researchgate.net/publication/383038106

Wade, S., & Kidd, C. (2019). The role of prior knowledge and curiosity in learning. Psychonomic Bulletin & Review, 26(4), 1377–1387. https://doi.org/10.3758/s13423-019-01598-6

Yılmaz, T., & De Jong, E. (2024). The role of native speaker peers on language learners' fear of negative evaluation and language anxiety. Boğaziçi University Journal of Education, 41(3), 1–15. https://doi.org/10.52597/buje.1389669

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

Zarate, M. E. C. (2022). Influential factors affecting students' English proficiency. Journal of Psychology and Pedagogy, 4(1), 45–60. https://journalppw.com/index.php/jpsp/article/view/11983